






Pinababa ng **American Rescue Plan** ang Halaga ng Coverage sa Kalusugan para sa karamihan sa mga Taga-New York

Ang NY State of Health ay makakatulong sa iyong maunawaan ang bagong tulong pinansyal, i-update ang halaga ng iyong kredito sa buwis, at mamili at pumili ng plan sa kalusugan.

Makipag-ugnayan sa NY State of Health:

-  Kumonekta online sa nystateofhealth.ny.gov
-  Tawagan ang Customer Service Center sa: 1-855-355-5777 (TTY:1-800-662-1220)
-  Makakuha ng libreng tulong mula sa isang Tagagabay sa Pagpapatala (Enrollment Assistor). Humanap ng isa sa: info.nystateofhealth.ny.gov/findassistor

Para malaman pa ang tungkol sa American Rescue Plan, mangyaring bisitahin ang:

<https://info.nystateofhealth.ny.gov/AmericanRescuePlan>

Pag-unawa sa Bagong Tulong Pinansyal

- Nilagdaan para maging batas ang American Rescue Plan noong Marso 11, 2021. Kabilang dito ang bago at mas malaking tulong pinansyal para sa mga Taga-New York na nagpapatala sa insurance sa kalusugan sa pamamagitan ng NY State of Health.
- Available ang tulong pinansyal sa **mga kasalukuyan at bagong nakatala, at sa unang pagkakataon, kabilang na ang mga indibidwal na nasa antas na mas mataas ang sahod.**
- Available na **ngayon** para sa mga Taga-New York na may mababa o katamtamang sahod ang mas matataas na kredito sa buwis. Para sa isang indibidwal, ito ay sahod na nagkakahalagang hanggang sa \$51,040 kada taon. Para sa isang pamilyang may apat na miyembro, ito ay sahod na nagkakahalagang hanggang sa \$104,800 kada taon.
- Simula sa **Hunyo**, magiging available ang mga bagong kredito sa buwis para sa mga Taga-New York na mas matataas ang sahod kumpara sa mga halagang ito.
- Abangan ang mga paunawa at email mula sa NY State of Health na mag-aalerto sa iyo sa kung kailan magaganap ang mga pagbabagong ito at kung ano ang kailangan mong gawin.

Sumusunod ang NY State of Health sa mga naaangkop na Pederal na batas sa mga karapatang sibil at batas ng estado, at hindi ito nandiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, pananampalataya/relihiyon, kasarian, edad, katayuan ng pagpapakasal/pamilya, kapansanan, kondisyong may kaugnayan sa pagbubuntis, rekord ng pagkakaaresto, (mga kriminal na pagkakahatol, kinikilalang kasarian, sekswal na oryentasyon, mga katangiang henetiko na nagpapataas ng pagkakataong magkaroon ng mga partikular na sakit, katayuan sa militar, katayuan ng pagiging biktima ng karahasan sa tahanan at/o paghihiganti.

Pinababa ng **American Rescue Plan** ang Halaga ng Coverage sa Kalusugan para sa karamihan sa mga Taga-New York

Ano ang Kailangan Mong Gawin:

Kung nagpatala ka na sa isang plan sa pamamagitan ng NY State of Health at nakakatanggap ka ng tulong pinansyal:

- Kwalipikado ka na para sa karagdagang tulong pinansyal.
- Magpapadala ang NY State of Health ng mga sulat sa unang bahagi ng Abril kasama ang bago at mas malaking halaga ng iyong kredito sa buwis. Sundin ang mga instruksiyon sa sulat para i-update ang halaga ng iyong kredito sa buwis.
- Kung hindi mo ia-update ang halaga ng iyong kredito sa buwis bago sumapit ang Hunyo, awtomatikong tataasan ito ng NY State of Health para sa iyo. Magkakaroon ka ng pagkakataong gumawa ng mga pagbabago sa pamamagitan ng pag-log in sa iyong NY State of Health account, pakikipag-ugnayan sa iyong tagagabay sa pagpapatala, o pagtawag sa 1-855-355-5777.

Kung sinimulan mo ang application para sa NY State of Health ngunit hindi ka nagpatala para sa isang plan sa kalusugan:

- Kung sinabihan kang ikaw ay *kwaliipikado* para sa tulong pinansyal, maaaring kwalipikado ka na para sa higit pa. Muling mag-log in sa iyong NY State of Health account ngayon at tingnan kung kwalipikado ka para sa mas mataas na kredito sa buwis, pagkatapos ay mamili at pumili ng plan.
- Kung dati kang sinabihan na ikaw ay *hindi kwaliipikado* para sa tulong pinansyal, maaaring kwalipikado ka na ngayon para dito. Muling mag-log in sa iyong NY State of Health account sa Hunyo at tingnan kung kwalipikado ka para sa mas mataas na kredito sa buwis, pagkatapos ay mamili at pumili ng plan.

Kung nakatala ka na sa isang plan ng NY State of Health at hindi ka nakakatanggap ng tulong pinansyal:

- Maaaring kwalipikado ka na para sa mga kredito sa buwis sa premium.
- Magiging available ang mga bagong kredito sa buwis na ito simula sa Hunyo. Papadalhan ka ng NY State of Health ng isang sulat na nagsasaad ng bagong halaga ng iyong kredito sa buwis. Magiging available ang mga instruksiyon sa kung paano i-apply ang iyong kredito sa buwis sa <https://info.nystateofhealth.ny.gov/AmericanRescuePlan>

Kung hindi ka nakatala sa isang plan sa pamamagitan ng NY State of Health at hindi ka kailanman nagsimula ng application:

- Mag-apply na sa nystateofhealth.ny.gov para malaman kung saan ka kwalipikado. Ang karamihan sa mga Taga-New York ay kwalipikado sa mura o libheng coverage. Available na ngayon ang mas pinabuting tulong pinansyal kung mababa o katamtaman ang antas ng iyong sahod (hanggang \$51,040 kada taon para sa isang indibidwal, o hanggang \$104,800 kada taon para sa isang pamilyang may apat na miyembro).
- Kung mas mataas ang iyong sahod (higit pa sa \$51,040 kada taon para sa isang indibidwal, o higit pa sa \$104,800 kada taon para sa isang pamilyang may apat na miyembro), magiging available ang mga benepisyong ito sa pamamagitan ng NY State of Health simula sa Hunyo.